Center for Prevention Programs and Partnerships

Katiyakang Kaalamang Aplikasyon ng TVTP Gawad Programa

Ang katunayang papel na ito ay nagbibigay ng impormasyon sa proseso ng aplikasyon sa Gawad sa Targeted Violence and Terrorism Prevention (TVTP) at mga kahilingan. Kasama dito ang mga impormasyon ng application tracks at mga uri ng programa, mga kinakailangang materyal para sa aplikasyon at mga mahahalagang petsa.

PAKISUYONG TANDAAN: Ang huling aplikasyon at lahat ng pag-uulat at mga materyales sa pagsubaybay ng gawad programa ay kailangang ipasa sa wikang Ingles.

Priyuridad ng Programa

Ang kagawaran ng Lunsuran ng Homeland Security's para sa Pakikipagsosyo sa Pagpigil at Programa (CP3) ay nakakatulong para maiwasan ang karahasan at terorismo sa pamamagitan ng pagpundo, pagsasanay, pagpapalawak ng kabatiran ng publiko, at ang pagkakaroon ng ugnayan sa lahat ng antas ng gobyerno, pribadong sektor, at sa lokal na mga kuminidad sa ating bansa. Dahil mas pinahusay pa ito sa pamamagitan ng public health research, pinagkakaisa ng CP3 ang mga mental health providers, educators, faith leaders, mga public health officials, mga social services, mga nonprofits, at mga iba pa sa kumunidad sa bansa para tumulong sa mga taong maaring maging marahas. Naglalaan ang TVTP Grant Program ng pinansiyal na tulong sa mga karapat-dapat na aplikante para magkaroon ng sustainable, multidisciplinary na pamigil sa karahasan at terorismo na kakayahan sa lokal na kumunidad, makapagsimula ng mga maaasahang pamigil, at malaman ang mga pinakamahusay na pamigil na pwedeng gayahin ng mga kumunidad sa buong bansa.

Matapos suriin ang mga nakaraang programa, ang CP3 ay nagtatag ng mga sumusunod na priyuridad para sa pagpili ng mga kuwalipikado.

- Pagpapatupad ng Pag-iwas na kakayahan sa Maliit at Katamtamang laki na mga kumunidad
- Pagsulong ng karampatan sa Pagbibigay at Pag-engganyo sa mga Undeserved na Kumunidad sa Pag-pipigil[1]
- Pagtutuon ng pansin sa Online na bahagi nang Karahasan at Terorismo
- Pagpigil sa Domestikong Matinding Karahasan
- Pagpapasulong ng Assessment ng Lokal na Banta at Kakayahan sa Pamamahala

Ang TVTP Gawad Programa ay naglalaan ng pundo sa mga aplikasyon na nakatutok sa mga ganitong priyuridad at layunin at nagpoprotekta sa privacy, karapatang sibil, at kalayaang pang-sibil. Ang mga aplikante ay hinihilingang magsagawa ng mahigpit na needs assessment para malaman kung anong resources ang available sa kanilang lugar at kung ano pa ang mga kailangang mapunan. Ang lahat ng proyekto ay kailangang may performance measures.

1 Ang underserved community ay tumutukoy sa populasyong may kaparehong katangian, gayundin sa geographic communities, na hindi nagkaroon ng pagkakataong makasama sa pitak ng ekonomiya, sosyal, at mga benipisyo. Tingnan ang Pahina 40 ng Guidance Dcument oara sa karagdagang impormasyon.

Mga Kuwalipikadong Organisasyon

Estado, lokal, tribo, mga sakop na teritoryo nang gobyerno, mga nonprofits na may 501(c)(3) IRS status na isinaad ng 2 C.F.R. § 200.1; at mga institusyon ng mataas na edukasyon ay kuwalipikado na makapag-apply nang pundo para makapagpsimula ng mga prevention capabilities o pagbuo ng kanilang mga kakayahan. Ang mga aplikante ay kailangang U.S.-based at magsasagawa ng U.S.-based na programa.

Panahon ng Pagganap

Ang TVTP Gawad Programa ay may panahon ng pagganap nang 24 na buwan, na may limited availability para sa walang bayad na extensions.

Inaasahang Petsa ng Pagpapasimula: Oct. 1, 2023
Inaasahang Petsa ng Pagtatapos: Sept. 30, 2025

Ibang Pamatayan ng Kuwalipikasyon

Bilang karagdagan sa pagiging kuwalipikadong organisasyon, ang ipapasang proyekto ay kinakailangang makaabot sa mga pamantayan para makapag-apply:

- Privacy, Karapatang Sibil, at Kalayaang Pang-Sibil: Ang ipapasang proyekto ay kinakailangang magprotekta sa privacy ng indibiduwal, karapatang sibil, at kalayaang pang-sibil. Kailangan sabihin sa aplikasyon ang kahit anong potensiyal na epekto sa privacy, karapatang sibil, at kalayaang pang-sibil at ibang paraan kung saan ang mga aplikante ay babalewalain ang ganoong mga epekto at ipagpapatuloy ang kanilang proyekto ng di-patas. Ang aplikasyon na hindi susunod dito ay magiging hindi kuwalipikado para makakuha ng pundo.
- Pagkakumpleto: Kailangang kumpleto ang aplikante ng lahat ng mga kahilingan kasama narin ang mga espisipikong mga kahilingan ng isang uri ng proyekto na kanilang minumungkahi, na kasama ang mga performance measures. Ang hindi pagbigay ng kumpletong aplikasyon at mga kahilingan ay maaring magresulta ng hindi pagiging kuwalipikado. Ang mga posibleng maging aplikante ay maaring sumangguni sa FY23 TVTP Application Guidance ngayon at sa FY23 TVTP Notice of Funding Opportunity (NOFO) para sa detalyadong mga hakbang at materyales para sa pagsusumite at kailangang performance measures para sa bawat uri ng proyekto at pagsubaybay.
- Pagsaliksik: Ang mga proyekto na naglalaman lamang ng research ay hindi kuwalipikado sa programang ito. Ang pananaliksik ay pinapahintulutang gastos; pero, ang mga aplikante ay kailangang mag propose para maisagawa ang isa o higit pang prevention capabilities sa loob ng period of performance at kailangang maipakita na anumang proposed research ay susuporta sa pagpapatupad nito. Para sa anumang pagsasaliksik na ang subject ay tao, pakisuyong i-review ang Section 13 of the NOFO, sub-section “Protection of Human Subjects in Research.”

Mga Pagsubaybay at Pundo ng Aplikasyon

Sa pagkakataong ito ay may total na $20 million ang available para dito. Ang mga aplikante ay maaring makapag-apply sa isa o higit pang mga uri ng proyekto sa Promising Practices Track o makapagsumite ng proposal sa Innovation Track. Ang sumusunod na saklaw ng pundo ay sinadya para sa benchmarks. Kung ang proyekto ay lalagpas sa funding target ng higit sa 25 na porsiyento, ang aplikante ay kailangang mag provide ng detalyadong dahilan na susuporta sa mataas na gastos. Tandaan: Ang target ay nagkakahalaga ng malaki. Halimbawa, ang isang aplikante at nagpopropose ng isang Promising Practices na aplikasyon na may dalawang uri – “Civic Engagement” at “Youth Resilience,” halimbawa, maaring ang target award amount ay $150,000.

Kung mag-a-apply sa Promising Practices Track, kailangang ihiwalay ng mga aplikante ang gastos ng bawat uri ng proyekto sakaling available ang partial funding. Pakisuyong siguraduhin na ang inyong aplikasyon ay sumusunod sa mga kahilingan at iba pang gabay na inilaan sa bawat track at uri ng proyekto.

Uri ng Protekyo at Mga Pagsubaybay	Target na Halagang Pundo/Saklaw
Pagpapataas nang Kabatiran ng Lipunan	**$175,000**
Pag-unawa sa NIlalaman ng Karahasan	**$115,000**
Pakikipag-ugnayan ng Sibiko	**$60,000**
Katatagan ng Kabataan	**$90,000**
Pagtatasa ng Banta at Grupo ng mga Namamahala	**$350,000**
Pagsasanay ng mga Nagmamasid	**$115,000**
Mga Referral na Serbisyo	**$175,000**
Pagbabawas ng Recidivism at Muling Pagsasama	**$230,000**
Pagsubaybay sa Pagbabago	**$300,000 – $815,000**

Mga Layunin

1. Ang lokal na kumunidad ay may kabatiran sa mga senyales na ang isa ay maaring maging marahas at magiging banta ng karahasan at terorismo
2. Ang lokal na kumunidad ay may kabatiran sa parehong mga dahilan ng panganib - at sa mga dahilan ng proteksiyon laban sa - pagiging marahas. Ang mga dahilan ng panganib ay mga negatibong mga impluwensiya sa buhay ng mga tao na nakadaragdag sa maaaring pagiging marahas nito. Ang mga dahilan ng proteksyon ay mga positibong mga impluwensiya sa buhay ng mga tao na nakakabawas sa maaaring pagiging marahas nito.
3. Ang mga miyembro ng lokal na kumunidad ay nakikisama sa pinakamalawak at pinaka-magkakaibang set ng stakeholders, pagbabahagi ng resources at mahusay na paggawi at bumubuo ng trusted partnership para maiwasan ang karahasan at terorismo.
4. Ang mga miyembro ng lokal na kumunidad ay kayang magsanay para dumami pa ang mga miyembro ng kumunidad na may kabatiran ng kanilang papel sa pagtulong sa mga indibiduwal bago pa sila maging marahas sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa threat assessment and managemet teams o di kaya sa paghahanap ng ibang resources ng kumunidad.
5. Ang mga miyembro ng lokal na kumunidad ay may access sa multidisciplinary threat assessment and management teams na binubuo ng mga indibiduwal gaya ng psychologists, educators, faith leaders, at medical personnel na may kakayahang makapagbigay ng suporta sa isang indibiduwal bago pa ito gumawa ng karahasan.
6. Ang lokal na kumunidad ay may mga programa na tumutugon sa mga dahilan ng panganib, at patatagin ang mga dahilan ng proteksyon , maaring maging marahas, kasama na dito ang recidivism reduction programming.

Karagdagang TVTP Grants Resources

- Pahina ng TVTP Grants
- Mga Hakbang sa Pag-Apply ng TVTP Grants
- Paano Makakuha ng EIN
- Paano Mag-Register sa ND Grants
- Paano Mag-Register sa System for Award Management (SAM)
- Pagpapatupad at Mga Planong Sukat:Mabilisang Giya
- Karagdagang Grant Resources